

Pag-aaral ng Ingles sa mga paaralan ng Washington: Ang dapat malaman ng mga magulang (Learning English in Washington schools: What parents should know)

Salaysay ng Misyon

(Mission Statement)

Matutugunan ng mga Mag-aaral ng Wikang Ingles ang mga pamantayan ng estado at makaka-develop ng kahusayan sa isang kapaligiran kung saan angwika at mga asset na pangkultura ay kinikilala bilang mahahalagang mapagkukunan ng kaalaman.

Inaatasan ba ang mga distrito na tulungan ang mga mag-aaral na matuto ng Ingles?

(Are districts required to help students learn English?)

Dapat na tiyakin ng mga distrito ng paaralan na magagawang makilahok nang makabuluhan sa paaralan ng mga mag-aaral na may limitadong kahusayan sa Ingles at hindi tatanggihan ng access sa mga pantay-pantay na pagkakataong pang-edukasyon. Dahil kinakailangan ang pag-alam at paggamit ng Ingles para sa tagumpay sa paaralan, mahalaga na makatanggap ng tulong na kailangan nila ang mga mag-aaral na nangangailangan ng tulong sa pag-aaral ng Ingles.

Kailangang magkaroon ang mga programa sa pagkuha ng wikang Ingles ng:

Kailangang magkaroon ang mga programa sa pagkuha ng wika ng:

- Teoryang pang-edukasyon ng tunog
- Mabisang pagpapatupad
- Pagsusuri at pagbabago ng programa

Paano nagkwalipika ang mga mag-aaral para sa programa sa pagpapaunlad ng wikang Ingles ng isang distrito?

(How do students qualify for a district's English language development program?)

Kapag nag-enroll ang mga mag-aaral sa paaralan, tinatanong ang mga magulang ng “Nagsalita ba muna ang iyong anak ng wika bukod sa Ingles?” Kung “oo” ang sagot, kukunin ng mag-aaral ang Washington English Language Proficiency Assessment (WELPA) Placement Test. Ang mga mag-aaral na magkakamarka ng Mga Antas 1 (beginning), 2 (intermediate), o 3 (advanced) sa Placement Test ay nagkwalipika para sa karagdagang tulong upang pagbutihin ang kanilang Ingles.

Gaano katagal nakakatanggap ang mga mag-aaral ng mga serbisyo sa pamamagitan ng programa sa pagpapaunlad ng wikang Ingles ng distrito?

(How long do students receive services through the districts English language development program?)

Nagpapatuloy ang mga mag-aaral sa programa hangga't kailangan nila ng tulong sa pag-aaral ng Ingles. Ibinibigay ang WELPA Annual Test upang sukatin ang pag-unlad ng mga mag-aaral sa kaalaman at mga kasanayan sa wikang Ingles sa pagbabasa, pagsusulat, pakikinig, at pagsasalita. Tinutukoy ng marka sa Mga Antas 1, 2, o 3 sa WELPA na magpapatuloy ang mag-aaral sa programa. Matagumpay na nagta-transition ang mga mag-aaral mula sa programa kapag natugunan nila ang pamantayan sa paglabas sa WELPA.

Ano ang Transitional Bilingual Instruction Program at Title III?

(What are the Transitional Bilingual Instruction Program and Title III?)

Ang Transitional Bilingual Instruction Program ay pinopondohan ng estado ng Washington, at ang Title III program ay pinopondohan ng pamahalaang pederal. Ang layunin ng dalawa ay upang mapaunlad ang kahusayan sa wikang Ingles ng mga mag-aaral habang pinapaaunlad ang mga akademiko sa antas ng grado.

Ang pondo ng Transitional Bilingual Instruction Program and Title III ay maaaring magbayad para sa mga bagay tulad ng mga sweldo, propesyonal na pagpapaunlad at pagsasanay para sa mga guro, mga materyales upang matulungan ang mga mag-aaral na matuto ng wikang Ingles, pakikilahok ng magulang at mga aktibidad ng kakayahan sa pagbabasa o pagsusulat, tagubilin sa labas ng karaniwang araw na may pasok, at pag-translate at pagbibigay-kahulugan na tukoy sa programa.

Ano ang isang Transitional Bilingual Instruction Program?

(What is the Transitional Bilingual Instruction Program?)

Ang "Transitional Bilingual Instruction Program" ay nangangahulugan ng sistema ng pagtuturo kung saan:

- Gumagamit ng dalawang wika, isa sa mga ito ay Ingles, bilang paraan ng pagtuturo upang maging batayan at makapagpalawak ng mga kasanayan sa wika upang bigyang-daan ang isang mag-aaral na makamit ang kahusayan sa wikang Ingles;
- Nagtuturo ng mga konsepto at kaalaman sa pangunahing wika ng isang mag-aaral, habang natututo rin ng mga kasanayan sa wikang Ingles ang mag-aaral.
- Sinusubukan ang mga mag-aaral sa asignatura sa wikang Ingles.

Ipinakita ng pananaliksik na ang mga mag-aaral na nag-aaral ng Ingles sa isang bilingual instruction program ay may pagkakataong maging higit na matagumpay sa akademiko sa loob ng mahabang panahon kaysa sa mga nasa programang Ingles lamang.

Ang mga distrito na walang kakayahang magbigay ng bilingual instruction ay makakatulong sa mga mag-aaral na matuto ng Ingles sa pamamagitan ng Sheltered Instruction. Ang Sheltered Instruction ay isang diskarte para sa pagtuturo sa mga madiskarteng paraan na ginagawang kumprehensibo ang mga akademikong konsepto habang pino-promote ang pagpapaunlad ng wikang Ingles ng mga mag-aaral.

Mayroon bang karapatan ang mga magulang na tanggihan ang mga serbisyo?

(Do parents have the right to decline services?)

Oo, mapipili ng mga magulang na alisin ang kanilang mga anak mula sa programa ng pagpapapalad sa wikang Ingles. Gayunpaman, dapat munang talakayin ng mga magulang ang pagpapasyang ito sa isang administrator na makapagpaliwanag sa mga pakinabang ng pakikilahok sa programa. Dapat ding magtanong ang mga magulang tungkol sa mga programa at pamamaraan ng instruction na available sa distrito. Mayroong karapatan ang mga magulang na pumili ng isa pang programa o pamamaraan ng instruction, kung available.

Bakit dapat na nakikisali ang mga magulang sa edukasyon ng kanilang mga anak?

(Why should parents be involved in their children's education?)

Ang pamilya ang pangunahing susi sa pang-akademikong pag-unlad ng isang mag-aaral.

Ayon sa mga saliksik, kapag nakikibahagi ang mga pamilya, nakikinabang ang mga mag-aaral sa:

- Mas matataasna GPA
- Pag-e-enroll sa mga mas mapanghamong programa
- Mas ganadong pagpasok sa klase
- Mas magandang kaugalian
- Mas mahusay na pakikitungo sa lipunan

Paano makikisali ang mga magulang sa programa sa pagpapaunlad ng wikang Ingles ng distrito?

(How can parents be involved in a district's English language development program?)

Kailangan ng mga distrito na ipaalam sa mga magulang kung paano sila magiging mga aktibong kalahok sa pagbibigay-tulong sa mga bata na matuto ng Ingles, upang makakamit ng matataas na antas sa mga pangunahing akademikong subject, at upang matugunan ang parehong mga akademikong pamantayan na inaasahan ang lahat ng mga mag-aaral na matugunan.

Dapat na humiling ang mga distrito ng mga input ng magulang sa programa o pamamaraan ng instruction na ginagamit sa programa sa pagpapaunlad ng wikang Ingles at sa Title III plan ng distrito.

Gumagamit ang ilang distrito ng Title III o pagpopondo ng Transitional Bilingual Instruction Program upang magbigay ng pagsasanay sa mga magulang sa mga larangan gaya ng paggamit ng computer, pamumuno, Ingles bilang pangalawang wika, tulong sa takdang-aralin, o mga aktibidad sa pag-aaral na gagawin sa tahanan.

Paano makikisali ang isang magulang na hindi nagsasalita ng Ingles?

(How can a parent who does not speak English be involved?)

Hilingin sa distrito na magbigay ng interpreter sa mga pagpupulong ng paaralan at na magbigay ng mahahalagang nakasulat na dokumento sa isang wikang mauunawaan mo. May pananagutan ang mga distrito ng paaralan na makipag-ugnayan sa mga magulang na may limitadong mga kasanayan sa Ingles.

Dumalo sa mga pagpupulong ng distrito at tumugon sa mga kahilingan para sa mga suhestiyon.

Mapapabuti ng iyong mga ideya ang mga serbisyo sa iyong mga anak at sa iyong pamilya!

Pinapahalagahan ng Washington ang bilingualism

(Washington values bilingualism)

Mahalaga ang iyong mga pagsusumikap na tulungan ang iyong mga anak na matutunan ang kanilang unang wika nang mabuti. Ipagpatuloy ang pagsasalita, pagkukuwento at pagbabasa ng mga kuwento, pakikinig ng musika, at pag-aaral ng mga bagong bagay kasama ang iyong mga anak gamit ang iyong wika.

Ano ang mga pakinabang ng pag-aaral ng dalawang wika?

(What are the benefits of learning to languages?)

Ang pag-alam ng higit sa isang wika ay isang kakayahang mapapahalagahan at hinihikayat. Ipinapakita ng pananaliksik na ang pagpapatuloy sa pagpapaunlad ng kinalakihang wika ng iyong anak ay hindi nakakagulo sa pagkatuto ng wikang Ingles – ginagawa nitong mas madali ang proseso!

Ang ilan sa mga pakinabang ng pagsasalita ng dalawang wika ay:

- Intelektuwal: Ang pinakamagandang paraan upang matiyak ang tagumpay na pang-akademiko at intelektuwal na kalinangan ay ang paggamit ng mga magulang at ng mga anak ng wikang pinakamahusay nilang nalalaman para sa isa't isa. Gayundin, ang mga batang nakakapagsalita ng dalawang wika ay may higit na mental na pag-angkop at magagamit ang mga kakayahang iyon bilang kanilang bentahe sa math.
- Pang-edukasyon: Ang mga mag-aaral na nag-aaral ng wikang Ingles at patuloy na nililalang ang kanilang kinalakihang wika ay mas mahusay sa paaralan kaysa sa mga natutong Ingles kapalit ng kanilang unang wika. Mas madaling matutong magbasa sa wikang alam mo na. Sa sandaling nakakabasa ka sa isang wika, mas madaling matutong magbasa sa isa pa.

- Personal: Ang unang wika ng isang bata ay mahalaga sa kanyang pagkakakilanlan. Ang pagpapatuloy sa pagpapaunlad ng wikang ito ay nakakatulong sa bata na mapahalagahan ang kanyang kultura at pamana ng lahi.
- Panlipunan: Kapag pinanatili ang kinalakihang wika, ang mahahalagang ugnayan sa pamilya at iba pang mga kasapi ng komunidad ay napapanatili at napapabuti.
- Pang-ekonomiya: Ang pangangailangan sa mga empleyadong nakakapagsalita ng dalawang wika ay tumataas sa buong mundo. Ang kakayahang magsalita, magbasa, at sumulat sa dalawa o higit pang mga wika ay isang mahusay na bentahe sa paghahanap ng trabaho.

Alam mo ba na...

(Did you know...)

- Siyam na porsyento ng mga mag-aaral sa Washington State ay nakikilahok sa mga programa upang matuto ng Ingles. Iyon ay 98,472 mag-aaral, na kumakatawan sa 208 wika.
- Ang Espanyol ay ang pangunahing wikang sinasalita ng 67 porsyento ng mga mag-aaral na nag-aaral ng Ingles. Nagsasalita ang labinsiyam na porsyento ng Russian, Vietnamese, Somali, Ukrainian, Chinese, Korean, Tagalog, o Arabic.
- Ang karamihan ng mag-aaral na pinagsisilbihan ng Transitional Bilingual Instruction Program ay naka-enroll sa paaralang elementarya (53 porsyento para sa 2010-2011 taon ng pag-aaral).
- Kahit na mukhang marunong ang mga mag-aaral, maaari pa rin silang mangailangan ng suporta sa pagpapaunlad ng mga kasanayan sa wika na kailangan para sa tagumpay sa paaralan. Ipinakita ng pananaliksik na ang pagkamit ng “akademiko” na Ingles, ang antas na kailangan upang makilahok sa kaalaman sa Ingles nang walang tulong, ay nagtatagal nang apat hanggang pitong taon upang mapaunlad.
- Kinakalkula ng estado ang Annual Measurable Achievement Objectives (AMAOs) para sa mga distrito. Sinusukat ng AMAO 1 ang taunang pagtaas sa bilang o porsyento ng mga batang sumusulong sa pag-aaral ng Ingles. Sinusukat ng AMAO 2 ang bilang o porsyento ng mga batang nagkakaroon ng kahusayan sa Ingles. Sinusukat ng AMAO 3 ang bilang ng mga mag-aaral na nag-aaral ng Ingles na nakakaabot sa mga akademikong pamantayan sa pagbabasa at math batay sa pagtatasa ng estado.

Tanguning ang iyong paaraal tungkol sa mga resulta ng iyong distrito o tingnan ang mga ito online sa <http://reportcard.ospi.k12.wa.us/WLPTAmao.aspx>.

Matuto nang higit pa: www.k12.wa.us/MigrantBilingual

Migrant and Bilingual Education
Office of Superintendent of Public Instruction
Old Capitol Building
PO Box 47200
Olympia, WA 98504-7200
360-725-6147